



A hot Japanese language class for children.

# International Children's Club

Tumutulong itong club na mapaganda ang marka ng mga bata sa eskwela at maging mahusay sila sa pagkuha ng mga pagsusulit

Ang bakasyon ang magandang panahon para mag-aral. Hindi ba kayo ng-aalala sa kakayanan ng inyong anak sa pag-aaral? Ito ay maganda para sa inyo! May "International Children's Club". Matututo ang anak sa Masaya at magandang paraan.

★ Ukol sa Children's Club

- Ano ang International Children's Club

- Nagbibigay ito ng kaalaman sa pagsasalita

At pag-aaral ng Hapon upang maging mahusay. (Kasama din dito ang pag-rerepaso ng tuntuning pang eskwela tulad ng Nihonggo, Arithmetic, Society, at Agham)

- Natutulungan ng club na ito ang mga bata tungo sa pag-aaral para sa pagpasok sa high school at mga equivalence test.

- Nagbibigay ang mga guro ng kaukulang tulong sa bata at magulang kung sila ay may kailangan.

Kailan at saan ako pupunta upang makalahok sa club?

- Oras at araw: Tuwing Sabado 10 : 00 - 12 : 00

Lugar: Fujimino International Cultural Exchange Center

Sa kabuuan, 588 na mga bata and nakilahok sa loob ng buong 2009. Ang mga ito ay nnggaling sa Pilipinas, China, Pakistan, Korea, etc. Marami ang may magagandang kalooban na nag-aalok ng kanilang tulong dito tulad ng mga mag-aaral, at mga magulng. Nais nilang makatulong upang mapagaan at mapasaya ang buhay ng mga bata dito sa Japan. Tayo nang pumunta at makilahok sa club sa madaling paraan. Halos kalahati ng mga batabg kasali dito ay mga Pilipino, at sinundan ng mga taga Pakistan at China. Apat sa mga batang lumahok dito sa FICEC ang nakapasa sa entrance examination para sa pinili nilang high school. Masaya naming tinanggap ang magandang balita. Sa huling araw ng club noong Marso, nagkaroon kami ng pagdiriwang.

May inumpisahan na rin kaming bagong pammaraan sa pagtuturo. Bumili kami ng mga aklat na pang high school para sa limang subjects. Ngayon, naglalagay kami ng kana sa tabi ng mga Intstik na karakter upang maipakita kung paano ito binabasa. Sa ganitong paraan, mas natutulungan naming ang mga bata. Bubuksan naming ang club tuwing Martes at Sabado sa bakasyon ngayong taon. ( 7/21-8/31)

Ang mga gagawin ninyo sa paaralan ay bubuti sa tulong ng mga guro ditto at mga kaibigan.

Para sa karagdagang impormasyon, tumawag lang sa : **0 4 9 - 2 5 6 - 4 2 9 0 !**

**Maraming mga lugar kung saan maaring matuto ng Nihonggo ang inyong mga anak.**

- Miyoshi Kodomo Nihongo Hiroba

Lugar : Fujikubo Public Hall (mga labindalawang minutong lakad mula sa Tsuruse Station)

Oras at araw : Lunes - Myerkules - Byernes  
15 : 00-17 : 00

Tumawag sa : 090-9344-0488 <Kaji>

- Kodomo Gakushu Hiroba

Lugar : Fujikubo Public Hall (mga labindalawang minutong lakad mula sa Tsuruse Station)

Oras at araw : Lunes - Myerkules - Byernes  
19 : 00-21 : 00

Tumawag sa : 090-9344-0488 <Kaji>

- Kodomo Nihongo Gakushu Club

Lugar : Mizuhodai Community Center  
(mga dalawang minutong lakad mula sa Mizuhodai Station)

Oras at araw: Wed 16 : 30-19 : 30  
Tumawag sa: 090-2334-4678 <Matsuo>

- Kodomo no Nihongo Club Niiza

Lugar: Niiza Hot Plaza (isang minutong lakad mula sa Shiki Station)

Oras at araw: una, pangalawa, at pangatlong Lunes  
at pang apat na 18:00-20:00

Tumawag sa: 090-1701-5572 <Nakamura>



[www.ficec.jp/foreign/](http://www.ficec.jp/foreign/)

● The back numbers of "Information Fujimino" are available at online.

**Masayang Pag-aani ng tsaa!**



Bagong pamamaraan sa pag-aaral ng Nihonggo! Nagkaroon kami ng pag-ani ng tsaa para sa isang klaseng

Nihonggo noong May 22th. Iyon ang una naming klase sa labas ng silid-aralan. Nag-ani kami ng mga dahon ng tsaa kasama ng ibang mga namimiling hapon. Nasiyahan kami sa loob ng kalahating araw naming sa isang hardin ng tsaa na napakabango. Natuto kaming mag-ani ng "green tea" at mag-ani ng mga dahon ng tsaa. At kumain kami ng tempura at ice cream na gawa sa dahon ng tsaa. Nasabi nga ng isang estudyante na nakapagbigay ito ng pagkakataon na matuto ng mga bagay ukol sa kulturang hapon. Nakipag-usap na din kami kay Mr. Uchida, may-ari ng "Maruy asuen", para sa susunod na taon.

**August event of the Japanese class "Tanabata and Yukata"**

Ang Fujimino city Tanabata festival, ay kilala sa kanilang kompetisyong "bamboo decoration" Ito ay tinatanghal sa August 7th and 8th. Sa aming klase, nagkakaroon kami nito taon-taon. Makakapagsuot kayo ng yukata at masisiyahan dito. Ngayong taon, ito ay gaganapin sa July 29. Magsisimula ito ng 11:00. Halina't makisaya. Kukuhaan naming kayo ng litrato na nakasuot ng yukata.

**●Summer, Pool, "Fujimi Garden Beach"**

Ang pagpunta sa pool ay isa sa pinakamasayang oras para sa pamilya na kasama ang mga bata kapag baksyon. Nayong taon, ang "Fujimi Garden Beach" ay bubuksan simula sa July 10. Ito ang listahan ng mga kailangan bayaran upang makapasok:

- Mga bata sa elementaryaElementary school student: 100 yen
- Estudyante sa Junior high school: 300 yen
- Matatanda: 500 yen
- Batang Preschool (hindi lalabis sa 2 bata kada isang matanda)

Parking fee : 300 yen.

Maraming magaganap diti tulad ng swimming, pagguhit at pamimangit ng Nijimasu(rainbow trout) Napakamura at napakasayang kaganapan para sa mga bata. Para sa karagdagang impormasyon, tumawag lamang sa

**0 4 9 – 2 5 4 – 4 3 4 9**

Ang Fujimi City ay magbibigay ng tulong medikalFujimi para sa mga bata hanggang sa ikatlong baitang ng junior

**●Pinalawak na programang pang Medikal**

Ang Fujimi City ay nagbibigay ng tulong pang medical para sa inpatients at outpatients na mga batang pre-school at elementarya. (1st-6th grade in inpatient treatment for elementary school (1st-6th grade) students.

Sa Oktubre, ang Fujimi City ay magbibigay na din ng tulong pang medical sa mga batang hanggang pangatlong baitang ng junior high school.

**Mga kailangan upang makapakinabang:**

- ① Mga batang nakatira sa Fujimi city
- Mga magulang na may anak sa elementarya/junior high school
- Mga batang nakatala sa National Health Insurance or Social Insurance

Ang parte ng medikasyon na dapat bayaran ng pasyente ay babayaran nitong subsidiya.

**●Paano ito?**

Dapat ninyong bayaran ang parte na dapat sa pasyente sa ospital. Sa susunod na buwan, kailangan ninyong pumunta sa "child-realing support section"at magtala para ditto. Ang mga hihingin sa inyo ay: s:①Designated subsidy application form ②Resibo □Medical Care Certificate ng bata ④Health Insurance Card

**●Bayad**

Pagnakumpleto ang mga ito, idedeposito ng Fujimi City and pera sa bangko ng aplikante. Ipaalam sa inyo sa pamamagitan ng postcard kung magkano ang nadeposito sa inyo.

**Handa ka na ba sa digital TV ?**

Ang analog TV ay matatapos sa ika 24 ng Hulyo 2011! May ibang paraan upang makatanggap ng digital television. Ang isa ay sa pamamagitan ng antenna. Alam ninyo na ang eco-points ay nakukuha sa pagbili ng digital tv na "energy efficient". Maari ninyong ipagpalit ang eco-points para sa pagpapakabit ng terrestrial digital TV antenna? Ang Eco-point program ay pinaaabot hanggang sa Disyembre. Kung balak ninyong bumili ng bagong telebisyon, gamitin ang programang ito. Ang halaga ng pagpapakabit ng terrestrial digital TV antenna ay depende sa lugar. Malalaman ninyo ang halaga ng pagpapakabit pagkabili ninyo ng inyong DTV.

**www.ficcc.jp/living/**

●Living Guidance translated in 6 languages is available.